



Regalong Buhay ng Banal na Espiritu



(Pambungad na Panalangin)

I. ANG TATLONG PAGBASA

UNANG PAGBASA (Gw 2:1-11)

¹Nang sumapit ang araw ng Pentekostes, nagkatipon silang lahat sa isang lugar. ²At biglang narinig ang isang ugong mula sa langit, animo'y hagunot ng malakas na hangin, at napuno nito ang bahay na kinaroroonan nila. ³May nakita silang **wari'y mga dilang apoy** na lumapag sa bawat isa sa kanila. ⁴At silang lahat ay napuspos ng Espiritu Santo at nagsalita ng iba't ibang wika, ayon sa ipinagkaloob sa kanila ng Espiritu.

⁵May mga Judiong buhat sa iba't ibang bansa, na naninirahan noon sa Jerusalem, mga taong palasamba sa Diyos. ⁶Nang marinig ang ugong na ito, nagdatingan ang maraming tao. ⁷Namangha

sila sapagkat sinasalita ng mga alagad ang mga wika nila. ⁸Sa kanilang pagtataka ay kanilang nasabi, "Hindi ba Galileo silang lahat? Bakit ang atin-ating katutubong wika ang naririnig natin sa kanila? ⁹Tayo'y mga taga-Partia, mga taga-Media, mga taga-Elam; mga naninirahan sa Mesopotamia, sa Judea at sa Capadocia, sa Ponto, at sa Asia. Mayroon pa sa ating taga-¹⁰Frigia at Panfilia, Egipto at sa mga saklaw ng Libia na sakop ng Cirene, at mga nakikipanirahan mula sa Roma, ¹¹maging mga Judio at mga naakit sa Judaismo. May mga taga-Creta at Arabia pa rito. Paano sila nakapagsasalita sa atin-ating wika tungkol sa mga kahanga-hangang gawa ng Diyos?"

Tema: Napuspos ng Espiritu Santo

PAGPAPALIWANAG

- Araw ng Pentekostes (Ang pagbaba ng Espiritu Santo sa mga Apostoles) = Limampung araw pagkatapos ng muling pagkabuhay.
- Ang Unang Pagbasa ay nahahati sa dalawang bahagi:
- Una, anong nangyari sa loob ng silid.
- Ikalawa, anong nangyari sa labas ng silid.
- Sa loob ng silid, naroon ang mga Apostoles. Ang Espiritu Santo ay lumukob sa kanila sa anyo ng isang ugong (tunog) at mga dilang apoy. Ang Resulta: nakapagsalita ang mga Apostoles sa iba't ibang wika (*glossolia*).
- Sa labas ng silid, naroon naman ang mga relihiyosong hudyong na nagmula pa sa iba't ibang lugar. Sila ay nagtipon-tipon dahil sa tunog na narinig. Ang kanilang reaksiyon: sila ay nalito, naguluhan, nagulat at namangha. (narinig nila ang mga Apostoles na nagsasalita sa kanilang sariling wika), sila ay nagtaka: “Paanong ang mga taong ito ay mga taga-Galileo at sila ay nagsasalita sa pamamagitan n gating kanya-kanyang wika?”
- Ang mga nabanggit na ito ay kumakatawan sa *international community* noong mga panahong iyon. Sila ay mababakas natin sa mapa ng sinaunang Simbahan.

PAGNINILAY

Nararapat lamang na ating bigyang pansin ang napakalakas na tunog, ang ugong na nalilikha tuwing ang Espiritu Santo ay bumababa. Ang larawan ng malakas na hanging lumilikha ng isang napakalakas na ugong ay umaayon sa salitang Griyego ng espiritu, *pneuma*, na ang kahulugan ay hangin, paghinga, paggalaw ng hangin, buhay. Nangangahulugan lamang na hindang-hindi natin maikakaila ang presensya ng Banal na Espiritu.

SALMONG TUGUNAN (Slm 103) ESPIRITU MO'Y SUGUIN, POON, TANA'Y 'YONG BAGUHIN.

IKALAWANG PAGBASA (1 Cor 12:3-7,12-13)

³Hindi masasabi ninuman, “Panginoon si Jesus,” kung hindi siya pinapatnubayan ng

Espiritu Santo.

⁴Iba't iba ang kaloob, ngunit iisa lamang ang Espiritung nagkakaloob ng mga ito. ⁵Iba't iba ang paraan ng paglilingkod, ngunit iisa lamang ang Panginoong pinaglilingkuran. ⁶Iba't iba ang mga gawain ngunit iisa lamang ang Diyos na sumasalhat ng taong gumagawa ng mga iyon. ⁷Ang bawat isa'y binigyan ng kaloob na naghahayag na sumasakanya ang Espiritu, para sa ikabubuti ng lahat.

¹²Sapagkat si Kristo'y tulad ng isang katawan na may maraming bahagi; bagamat binubuo ng iba't ibang bahagi, iisa pa ring katawan. ¹³Tayong lahat, maging Judio o Griego, alipin man o malaya, ay bininyagan sa iisang Espiritu upang maging isang katawan. Tayong lahat ay pinainom sa **isang Espiritu**.

Tema: **Banal na Espiritu Santo**

PAGPAPALIWANAG

- Tulad ng Unang Pagbasa, tinatalakay din ng Ikalawang Pagbasa ang bunga at epekto ng Banal na Espiritu sa buhay ng tao.
- Kapag ang isang tao ay nilukuban ng Espiritu Santo, siya'y nakapagwiwika nang mabuti patungkol kay Hesus: “Si Hesus ang Panginoon.” Kailanma'y hindi ikakaila ng taong ito ang presensya ni Hesus sa kanyang buhay. Ang tamang disposisyon at pananaw kay Hesu-Kristo ay isang senyales na nasa isang tao ang Banal na Espiritu.
- Sumulat si Pablo sa dating mga paganong mga taga-Korinto na mayroong ibang pananaw ukol kay Kristo noong sila'y sumasamba pa sa mga imahen at idolong walang imik. Pansinin ang salitang “Walang Imik”. Ang pang-uring ito ay iba at salungat sa Panginoong Diyos na nagwiwika sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Iba at salungat din ito sa mga disipulong binigyan ng Banal na Espiritu ng kalakasan upang magsalita.
- Sunod na tinalakay ni Pablo ang pagkakaiba-iba ng mga karisma o regalong handog ng Banal na Espiritu.

- Ang mga regalong ito ay inisa-isa sa b. 28 (*Itinalaga ng Panginoon ang mga tao sa Simbahan ang mga: Una, ang pagiging mga apostoles; Ikalawa, ang pagiging propeta; ikatlo, ang pagiging guro; ang mga nakamamanghang himala, pagpapagaling, pangangasiwa at ang pagsasalita ng iba't ibang wika o pananalita*).
- Pinaalalahanan ni Pablo ang mga Kristiyano sa Korinto na ang pagkakaiba-iba nila ng mga regalo, ang pagkakaroon nila ng mga pansarili at natatanging karisma, ay hindi dapat maging dahilan ng kanilang pagkakawatak-watak sapagkat ang mga regalong ito ay nagmumula lamang sa iisang Espiritu (Espiritu Santo). Ang karisma ng isang indibidwal ay hindi para sa kanyang sarili lamang bagkus ay para sa kanyang kapwa rin.
- Walang sinuman ang maaaring maghamak sa kaninuman dahil ang bawat isa ay biniyayaan ng Banal na Espiritu ng kani-kaniyang karisma.
- Isa pa, iniaalis ng Espiritu ang pagkakaiba o ang mismong karisma kung ito ay magsasanhi ng gulo at diskriminasyon.

PAGNINILAY

Ano ang naging bunga ng banal na Espiritu sa iyong buhay?

MABUTING BALITA (Jn 20:19-23)

¹⁹Kinagabihan ng Linggo ding iyon, ang mga alagad ay nagkakatipon. Nakapinid ang mga pinto ng bahay na kanilang pinagtitiplan dahil sa takot nila sa mga Judio. Dumating si Hesus at tumayo sa gitna nila. “Sumainyo ang kapayapaan!” sabi niya. ²⁰Pagkasabi nito, ipinakita niya ang kanyang mga kamay at ang kanyang tagiliran. Tuwangu-tuwa ang mga alagad nang makita ang Panginoon. ²¹Sinabi na naman ni Hesus, “Sumainyo ang kapayapaan! Kung paanong sinugo ako ng Ama, gayon din naman, sinusugo ko kayo.” ²²Pagkatapos, sila’y hiningahan niya at sinabi, “**Tanggapin ninyo ang Espiritu Santo. Ang patawarin ninyo sa kanilang mga kasalanan ay**

pinatawad na nga; ang hindi ninyo patawarin ay hindi nga pinatawad.”

Tema: **Ang Gawa ng Banal na Espiritu**

PAGPAPALIWANAG

- Ang Ebanghelyong ito ay mas nauukol sa Pista ng Linggo ng Muling Pagkabuhay, ngunit maaari rin itong magamit para sa kapistahan ngayong araw na ito.
- Ang Espiritu Santo, kung ating palalamin ang perspektibo, ay iisa ang diwa sa kapatawaran ng mga kasalanan.
- Matapos ang paghinga ni Hesus ng Banal na Espiritu sa mga apostoles, winika Niya kaagad, “Ang sinumang inyong patatawarin ay mapapatawad...”
- Ang muling nabuhay na Hesu-Kristo ang nagbigay-misyon sa mga Apostoles kung saan, kasama nila ang Banal na Espiritu: ang misyong magpatawad ng mga kasalanan.
- Ito rin ba ang Banal na Espiritu lumukob sa kanila sa araw ng Pentekostes? Oo.
- Minsan, tayo’y nagkakaroon ng pagkalito sa kronolohiya, dahil na rin siguro sa tagal ng kasulatang ito kung kasaysayan ang pagbabatayan, at nagkaroon pa ng pagkakaiba ng kaisipan at konseptong pang-teolohiya ng sumulat.
- Ang misteryo ng muling pagkabuhay- pag-akyat sa langit-pagbaba ng Espiritu Santo o *Pagkabuhay ng Muli-Pag-akyat at Pentekostes* ay dapat makita natin bilang “isang malaking misteryo”, magkakaugnay sa isa’t isa.

PAGNINILAY

Ang Banal na Espiritu ang kanilang magiging lakas para sa misyong palaganapin ang mabuting balita ng pagpapatawad sa mga taong handang makinig.

Dumating ang Banal na Espiritu: ANG KATUPARAN NG PANGAKO NI KRISTO.

II. PAG-UUGNAY

Tinatalakay sa Unang Pagbasa ang pagpanaog ng Espiritu Santo sa mga Apostoles sa anyo ng dilang

apoy at ng isang malakas na uugong o tunog. Sinasabi ng Ikalawang Pagbasa kung ano ang inihahandog ng Espiritu Santo sa atin (mga karisma). Winiwika naman ng Ebanghelyo ang paghinga ni Hesus ng Banal na Espiritu sa kanyang mga Apostoles bago sila isugo sa misyong magpatawad.

2. Paano mo ba ito ibinabahagi sa iyong kasamahan? (HM)

(Pangwakas na Panalangin-Panalangin pagkatapos basahin ang Banal na Salita, pahina ii.)





Pagpapaliwanag: Fr. Cielo Almazan, OFM
Isinalin ni Cl. Ian Cebalano, SSP

III. SALAMIN NG BUHAY

1. Anu-ano ang mga kaloob sa inyo ng Banal na Espiritu Santo?

(Pangwakas na Panalangin)

Mga Bagong Libro ng ST PAULS



PAMBUNGAD NA PANALANGIN

Kristo, aming Panginoon, Ikaw ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay. Itulot mong makamit namin ang Iyong dakilang pag-ibig sa pamamagitan ng iyong Apostol na si San Pablo at ng Simbahang Katolika. Ipadala Mo sa amin ang Iyong Banal na Espiritu upang maalaala namin ang lahat na Iyong mga ipinangangaral.

Luwalhati sa Ama, sa Anak at sa Espiritu Santo. Kapara nang sa una, ngayon at magpakailanman at magpasawalang hanggan. Amen.

PANGWAKAS NA PANALANGIN

O Hesus na Dakilang Guro, ikaw ang Salita ng Buhay na walang hanggan. Sumasampalataya kami sa Iyo Panginoon at Katotohanan. Palaguin Mo nawa ang aming pananampalataya. Iniibig ka namin, Panginoon at Daan, nang buo naming lakas dahil iniutos mo sa aming sundin ang Iyong mga Kautusan nang walang pasubali. Nananalangin kami sa Iyo, O Panginoon at Buhay, sinasamba Ka namin, pinupuri Ka namin, at pinasasalamatang dahil sa kaloob mong Banal na Kasulatan. Kasama si Maria, maalaala sana namin at mapangalagaan ang Iyong mga Salita sa aming kaisipan at mapagnilay-nilayan ang mga ito sa aming puso.

Panginoong Hesus, ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay, maawa Ka sa amin.

Luwalhati... (mula sa Prayers of the Pauline Family)